**Checklist sa Pagiging Kwalipikado sa DACA!**

Panalo! Nagbabalik ang DACA! Matapos ipinasya ng isang judge sa New York na muling ibalik ang DACA, hinihikayat ka namin na pag-isipan ang pag-aplay sa unang pagkakataon kung ikaw ay kwalipikado!

Ikaw ay isang walang dokumentong imigranteng kabataan (o hindi na napakabata) at narinig mo na ang DACA ay ganap nang nagbalik at tumatanggap muli ang DHS ng mga aplikante sa unang pagkakataon ngunit hindi mo alam kung kwalipikado kang tumanggap sa proteksyon na ito. Makakatulong kami sa iyo na malaman ito!

Ngunit una, magiging kwalipikado ka man o hindi, dapat kang kumonsulta sa isang pinagkakatiwalaang abogado o legal na kinatawan sa pagpapasya kung mag-aplay at rebyuhin ang iyong aplikasyon. Ang checklist ay para magsilbi lamang gabay at hindi bilang huling salita sa iyong kwalipikasyon bilang isang aplikante.

**Narito ang isang checklist:**

| **Maaari kang magiging karapat-dapat para sa DACA kung matsekan mo ang lahat ng mga hinihinging ito:** | **Lagyan ng tsek** |
|---|---|
| Ikaw ay wala pang 31 taong gulang noong Hunyo 15, 2012. | |
| Ikaw ay di-bababa sa 15 taong gulang sa panahon nang pagsumite sa iyong hiling?<br><br>**Eksepsyon sa rekisito sa edad*: kung ikaw ay wala pang 15 taong gulang ngunit nasa paglilitis ng pagtanggal, nagkaroon ng pinal na kautusan ng pagtanggal, o may kautusan ng boluntaryong pag-alis, at wala sa detensyon ng imigrasyon, pwede kang mag-aplay para sa DACA. | |
| Lumipat ka sa US bago ka maging 16 na taong gulang. | |
| Nakatira ka na sa Estados Unidos bago ang Hunyo 15, 2007 (tuloy-tuloy, nang hindi lumipat palabas ng bansa). | |
| Ikaw ay pisikal na nasa Estados Unidos noong Hunyo 15, 2012. | |
| Ikaw ay pisikal na nasa Estados Unidos sa panahon ng pag-aplay para sa DACA? | |
| Ikaw ay namumuhay na walang dokumentasyon sa Hunyo 15, 2012 (walang estado na naaayon sa batas) | |
| Ikaw ay:<br>- Kasalukuyang nag-aaral; o | |

| | |
|---|---|
| - Nagtapos mula sa pampubliko o pribadong High School; o Sekondaryang paaralan; o<br>- Nakakuha ng GED; o<br>- Isang marangal na na-discharged na beterano ng Coast Guard o Armed Forces ng Estados Unidos? | |
| Hindi ka pa kailanman, bilang isang nasa hustong gulang o isang juvenile, nagkaroon ng anumang makabuluhang kontak sa tagapagtupad ng batas (law enforcement), nakulong, napasakorte, nakatanggap ng tiket o citation, kinausap ng isang pulis, o kaya ay may gusot sa batas? | |
| Hindi ka pa kailanman natuklasang kasali sa isang gang, o naakusahan ng law enforcement na nasangkot sa isang gang. | |
| Hindi ka pa kailanman naakusahan na nasangkot sa unang aktibidad na nagbabanta sa Estados Unidos (tulad ng terorismo o pang-i-spy)? | |

**Kailangang mong magpakita ng patunay ng lahat ng iyong mga sagot sa mga tanong na ito. Dapat kumonsulta ka sa isang abogado para makatulong sa iyo na tuklasin ang pinaka-posibleng mga opsyon para sa iyo, ngunit narito ang ilang mga halimbawa (ang talaan na ito ay hindi detalyado ngunit nilalayon lamang na makatulong sa paggabay sa iyo):**

Para patunayan ang identidad at edad (kabilang ang patunay na ikaw ay wala pang 31 taong gulang), ibigay ang sumusunod:

- Sertipikadong kopya ng birth certificate (na may salin kung hindi nakasulat sa wikang Ingles), O
- Kopya ng birth certificate (kung walang available na sertipikadong kopya), O
- Kopya ng balidong pasaporte, O
- Kopya ng expired na pasaporte (kailangang magsumite ng karagdagang uri ng ID), O
- Kopya ng balidong consular ID card, O
- Kopya ng expired na consular ID card, O
- Kopya ng balidong ID sa paaralan, O
- Kopya ng expired na ID sa paaralan, O
- Kopya ng mga dokumento na may photo ID na inisyu ng DHS, O
- Anumang iba pang opisyal na photo ID

Para patunayan na (1) dumating ka sa US bago ang edad 16, (2) tuloy-tuloy na naninirahan sa US sa loob ng 13 taon (6/15/2007- ngayon), at (3) patunay na ikaw ay nasa US sa 6/15/2012; ibigay ang sumusunod:

- Kopya ng kumpletong mga rekord sa paaralan (makakatulong ang cumulative transcripts), O
- Kopya ng mga medikal na rekord (kabilang ang mga rekord ng pagbabakuna), O

- Kopya ng pinansyal na mga rekord (kabilang ang bank statement/tseke; mga bill sa upa, utility o credit card), O
- Kopya ng mga rekord sa pangengempleo (kabilang ang tax returns), O
- Kopya ng mga rekord sa militar, O
- Kopya ng ibang mga rekord (mga rekord ng cell phone, mga rekord sa sports o academic club, mga rekord sa unyon, mga rekord sa simbahan: mga rekord ng binyag, komunyon, o kumpil), O
- Kopya ng dokumentasyon sa serbisyo sa komunidad, O
- Isang affidavit**
    - **Kailangang isumite ang ibang pansuportang ebidensya

**Para patunayan na ikaw ay kasalukuyang nag-aaral o nasa programang GED, O nagkamit ng high school O katunayan ng pagkumpeto mula sa high school, O may GED, O marangal na na-discharged mula sa militar; ibigay ang sumusunod:**
- Kopya ng High school diploma o katunayan ng pagkumpleto, O
- Kopya ng sertipiko ng GED, O
- Kopya ng patunay ng pagpapatala sa programang GED o iba pang pang-edukasyong programa, O Kopya ng mga report card, O
- Kopya ng trascripts ng paaralan (hindi kailangang magsumite ng nakaselyong transcripts, basta't opisyal ang mga ito), O
- Kopya ng mga rekord sa Militar

Dagdag na nakakatulong na mga dokumento. Kung mayroon kang kasaysayan sa imigrasyon, ibigay ang sumusunod:
- Kopya ng mga dokumento ng naaayon sa batas na pagpasok (visa, I-94 card border crossing card), O
- Kopya ng mga aplikasyon sa imigrasyon na inihain sa DHS, O
- Kopya ng mga dokumento ng paglilitis sa pagtanggal mula sa DHS at korte ng imigrasyon

Kung umalis ka mula sa US mula 6/15/2007, ibigay ang sumusunod:
- Kopya ng mga dokumento sa pagbibiyahe, AT
- Mga dokumentong nangangatwiran o nagpapaliwanag sa iyong pagkawala

I-text ang DACAISBACK sa 877-877